# Paano Iiwasan ang mga Scam sa Imigrasyon at Kumuha ng Tunay na Tulong

Alam ng mga scammer na kumplikado ang prosesong pang-imigrasyon. Ginagamit nila ang kalituhang idinudulot nito para tangkaing magsamantala sa mga taong naghahanap ng tulong. Narito ang ilang halimbawa ng mga karaniwang scam sa imigrasyon, payo sa kung paano makikita at maiiwasan ang mga ito, at kung saan makakakuha ng tunay na tulong.

## Mga Halimbawa ng mga Scam sa Imigrasyon

### Mga scam ng notaryo o konsultant na pang-imigrasyon

Sa Estados Unidos, ang abogadong pang-imigrasyon lamang o isang indibidwal na inawtorisahan ng U.S. Department of Justice (DOJ, Kagawaran ng Katarungan) ang makapagbibigay sa iyo ng payo sa imigrasyon. Ngunit tatangkain ng mga scammer na lituhin ang mga imigrante, sa pamamagitan ng pagpapanggap na notaryo, notaryo-publiko, accountant, o konsultant. Sa mga bansa sa Latin Amerika, ang salitang notaryo o notaryo publiko ay nangangahulugan na ang indibidwal ay isang abogado o may legal na kasanayan, ngunit hindi ito naaangkop sa Estados Unidos.

**Tanging mga abogado o mga taong binigyan ng akreditasyon ng U.S. Department of Justice na nagtatrabaho para sa kinikilalang organisasyon ang makakapagbigay sa iyo ng legal na payo.**

Ang iba ay kukunin lang ang pera mo. Minsan, ang kanilang maling payo ay makakasira sa pagkakataon mong mag-migrate nang legal o ayusin ang iyong legal na status. Ang DOJ ay may buong listahan ng mga indibidwal na may akreditasyon at kinikilalang organisasyon.

Basahin ang grapikong nobelang ito sa Ingles, na mababasa rin sa Espanyol, para matutunan pa ang tungkol sa kung paano makikita at maiiwasan ang mga scam ng notaryo. Mag-order ng mga libreng kopya para maipamahagi sa iyong komunidad.

### Ano ang dapat malaman:

- Huwag pumunta sa isang notaryo, accountant, o konsultant para sa imigrasyon o legal na tulong. Tingnan ang payo sa ibaba sa kung paano makakakuha ng tunay na tulong.
- Huwag lagdaan ang mga blangkong form sa imigrasyon o mga form na may maling impormasyon tungkol sa iyo o sa iyong sitwasyon. Ang isang mandarayang notaryo, accountant, o konsultant ay maaaring ipagawa ito sa iyo.
- Huwag magbayad para sa mga form ng imigrasyon. Libre ang mga opisyal na form mula sa U.S. Citizenship and Immigration Services (USCIS, Mga Serbisyo sa Pagkamamamayan at Imigrasyon sa U.S.).
- Huwag hayaang itago ng isang notaryo o ng sinuman ang iyong orihinal na mga dokumento.

## Mga pekeng website ng imigrasyon

Kapag naghahanap ka ng tulong para sa imigrasyon, maaari kang makakita ng mga website na mukhang konektado sa USCIS — ngunit hindi sila konektado. Maaari silang gumamit ng mga pangalan tulad ng "Imigrasyon sa U.S." at magpakita ng mga larawan ng mga watawat ng Amerika o Statue of Liberty (Estatwa ng Kalayaan). Ngunit kung ang address ng website ay hindi nagtatapos sa .gov, **hindi** ito website ng pederal na pamahalaan at hindi ito konektado sa USCIS. Maaaring singilin ka ng site para sa mga form na libre naman mula sa gobyerno, at maaaring nakawin ang iyong personal na impormasyon.

### Ano ang dapat malaman:

- Nagtatapos sa .gov ang mga address ng tunay na website ng gobyerno ng U.S.
- Libre ang mga form ng USCIS. Kung kailangan mong magbayad para ma-download ang mga form ng imigrasyon ng gobyerno, wala ka sa isang lehitimong website.
- Matatagpuan mo ang tunay na impormasyon ukol sa imigrasyon sa website ng USCIS.

## Mga scam na loto para sa dibersidad

Pinangangasiwaan ng U.S. Department of State (Kagawaran ng Estado ng U.S.) ang Diversity Visa Program (May Dibersidad na Programa sa Visa). Tinatawag ng ibang tao ang programang ito na "visa lottery o loto ng visa." Libre ang pagpasok. Ang mga mananalo, na pinili sa random na paraan, ay mananalo ng pagkakataong mag-apply para maging mga legal na permanenteng residente. Ngunit sinusubukan ng mga scammer na linlangin ang mga tao sa pamamagitan ng paniningil ng pera para makapag-apply sa programa, nangangako ng espesyal na pag-access, o nangangakong kaya nilang pataasin ang pagkakataon ng isang tao na manalo sa loto. Ngunit walang umiiral na espesyal na pag-access, at walang sinuman ang makakapagdagdag sa iyong pagkakataong manalo.

### Ano ang dapat malaman:

- Maaari kang pumasok sa loto ng visa
  - isang beses sa isang taon **lamang**
  - sa dvprogram.state.gov **lamang**
  - kung ikaw ay nagmula sa isang kuwalipikadong bansa **lamang** at nakakatugon sa mga iniaatas sa edukasyon o trabaho
- Hindi mo kailangang magbayad para makapag-apply para sa loto ng visa.
- Ang mga mananalo ay pipiliin nang random at walang sinuman ang maaaring makaimpluwensiya sa mga resulta.
- Malalaman mo ang status ng iyong pagpasok sa dvprogram.state.gov **lamang**.

## Mga Scam Laban sa mga Refugee

Mga Refugee — mga taong napilitang umalis sa kanilang bansa upang matakasan ang digmaan, pag-uusig, o natural na sakuna — ay mga target din ng mga scam. Ang mga refugee ay may ibang legal na status kaysa sa ibang mga imigrante, ngunit walang pakialam ang mga scammer. Sasabihin nila sa mga refugee na kuwalipikado sila para sa isang espesyal na gawad ng pamahalaan, pero para makuha ang pera kailangan muna nilang magbayad ng singilin. O kaya naman, sasabihin ng mga scammer na mula sila sa IRS at kailangan nila ng account number sa bangko ng naturang indibidwal para maideposito ang iginawad na pera. Pero walang espesyal na gawad. At kung may nagsabi sa iyo na kailangan mong bayaran sila sa pamamagitan ng isang gift card, wire transfer, o cryptocurrency — para matulungan ka sa iyong status sa imigrasyon o para sa anumang rason — iyan din ay isang scam.

### Ano ang dapat malaman:

- Kung isa kang refugee at may nakipag-ugnayan sa iyo tungkol sa tulong ng gobyerno, makipag-usap kaagad sa case manager sa iyong ahensya ng resettlement.
- Huwag na huwag magbabayad para sa tulong sa imigrasyon gamit ang gift card, money transfer, app sa pagbabayad, o cryptocurrency. Nakikipagtransaksyon ka sa isang scammer.
- Makahanap ng higit pang impormasyon para sa mga refugee sa website ng USCIS: Mga Tanong at Sagot: Mga Refugee.

# Kumuha ng Tunay na Tulong

Ang pagpili ng tamang tao ay kasing-halaga ng pagpuno sa tamang form, o pagpuno nito sa tamang paraan. Kahit na ang mga taong may mabuting intensyon, tulad ng isang kaibigan o miyembro ng pamilya, at gustong tumulong sa iyo sa pagproseso ng imigrasyon ay maaaring magdulot ng mga problema sa iyo sa kalaunan. Halimbawa, ang isang indibidwal na tumutulong sa iyo sa mga form ay maaaring isulat o isalin ang ipinagagawa mo sa kanya ngunit hindi siya kuwalipikadong magbigay sa iyo ng payo sa kung ano ang sasabihin o kung aling form ang gagamitin. Maglaan ng ilang panahon para makahanap ng tunay na tulong para sa sitwasyon ng iyong imigrasyon.

## Maghanap ng mga taong awtorisadong tumulong.

Tanging ang isang abogado o isang may-akreditasyong kinatawan na nagtatrabaho para sa organisasyong kinikilala ng U.S. Department of Justice ang awtorisadong magbigay sa iyo ng legal na payo tungkol sa payo sa imigrasyon. Ang pakikipagtulungan sa kanila ay makakatulong din sa pagprotekta sa iyo sa mga taong maaaring mandaya sa iyo.

- Ang **abogado** ay dapat maging miyembro ng propesyonal na asosasyon sa kanyang estado. Tiyakin na ang abogadong pipiliin mo ay may magandang katayuan sa samahan.
    - Para makahanap ng abogado sa imigrasyon na libre o mababa ang singil, tingnan itong listahan sa bawat estado mula sa U.S. Department of Justice.
    - Tingnan ang listahang ito mula sa American Immigration Lawyers Association (Samahan ng mga Abogadong Amerikano sa Imigrasyon) upang makahanap ng abogado sa imigrasyon sa iyong lugar. Ang mga abogadong ito ay magpapataw sa iyo ng singil.
- Ang **may-akreditasyong kinatawan** ay hindi isang abogado ngunit awtorisadong magbigay ng payo sa imigrasyon. Ang mga organisasyong pinagtatrabahuhan nila ay maaaring magpataw sa iyo ng singil.
    - Dapat na nagtatrabaho ang may-akreditasyong kinatawan para sa organisasayong kinikilala ng DOJ.
    - Hanapin ang mga organisasyong kinikilala sa iyong lugar sa page ng Recognition & Accreditation Program sa website ng DOJ.

## Gawin nang mag-isa

Maaari mong irepresenta ang iyong sarili sa mga paglilitis sa imigrasyon, kung pipiliin mo. Magsimula sa pamamagitan ng pagrepaso sa seksyon na, Explore My Options (Siyasatin ang Aking Mga Pagpipilian), sa website ng USCIS.

## Ano ang dapat malaman:

- Libre ang mga form ng imigrasyon. Huwag kailanman magbayad para makakuha ng mga opisyal na form. Malamang na kailangan mong magbayad ng mga bayarin sa pag-file kapag isinumite mo ang iyong mga nakumpletong form sa USCIS.
- Kung mayroon kang mga tanong, gamitin ang seksyon na Tools sa website ng USCIS o kumuha ng higit pang mga mapagkukunan sa page na USCIS Avoid Scams (Iwasan ang mga Scam).
- Tumawag sa USCIS Contact Center sa 800-375-5283 kung nangangailangan ka ng impormasyon na hindi mo mahanap online. (Kung ikaw ay bingi, mahina ang pandinig, o may kapansanan sa pagsasalita, gamitin ang numero ng text telephone (TTY): 800-767-1833.)

# I-report ang mga Scam Laban sa mga Imigrante

Kung ikaw o ang isang taong kilala mo ay nakasaksi o nakaranas ng scam na nauugnay sa imigrasyon, mahalagang i-report ito sa

- **ang Federal Trade Commission (FTC, Pederal na Komisyon sa Kalakal)** sa 877-382-4357. Pindutin ang 3 para pumili ng wika at pagkatapos ay pindutin ang 2 para sa Tagalog — o pumunta sa ReportFraud.ftc.gov. Kapag nag-ulat ka ng scam, magbigay ng marami o kaunting impormasyon tungkol sa iyong sarili na kumportable ka. O, hilingin sa iyong abogado sa imigrasyon na gamitin ang kanyang pangalan, o ang pangalan ng kanyang law firm o ahensya, upang iulat ito sa FTC.
- **iyong mga lokal o pang-estadong awtoridad**

Maghanap ng higit pang impormasyon tungkol sa mga karaniwang scam sa imigrasyon sa website ng USCIS.